

Marina Coast Water District



2019 Ulat sa Kumpiyansa ng Mamimili

Sa Alaala ni Thomas Barkhurst

Pinagmamalaki ng Marina Coast Water District na ihandog ang 2019 Consumer Confidence Report. Kasama sa taunang ulat ng kalidad ng tubig na ito ang impormasyon tungkol sa kung saan galing ang tubig niyo, ano ang laman nito at paano ito maihahambing sa mga pamantayan sa inuming tubig. Tulad ng nakaraan, binibigyan ka ng Distrito ng katiyakan na nakatutugon ang iyong inuming tubig sa mahigpit na pamantayan sa inuming tubig ng California at Pederal.

Kung may anumang tanong ka tungkol sa impormasyon sa ulat na ito o tungkol sa tubig mo, mangyaring makipag-ugnay sa Operations and Maintenance Manager, Derek Cray sa (831)883-5903. Maaari ka ring bumisita sa aming website sa www.mcwd.org.

Water Supply and Treatment


Nagbibigay ang Distrito ng groundwater na gawa mula sa walong balon na hinatid sa pamamagitan ng network ng sistema ng distribusyon ng pitong tangkeng imbakan at halos 162 milya ng water main pipeline.

Ang tatlong malalim na balon ng supply (10, 11, at 12) na nasa Central Marina ay kumukuha ng groundwater mula sa 900-talampakang aquifer sa Salinas Valley Groundwater Basin. Ginagamot ang groundwater sa bawat site ng balon para ma-disinfect nang maalis ang natural na nagaganap na hydrogen sulfide na maaaring pagmulan ng amoy. Ang Balon 12 ay hindi nag-supply ng tubig sa sistema ng distribusyon noong 2019 dahil hindi ito aktibo.

Ang limang balon ng supply (29, 30, 31, 34, at Watkins Gate) na nasa Ord Community ay kumukuha ng groundwater mula sa Salinas Valley Groundwater Basin 900-talampakang, 400-talampakang, at mas mababang 180-talampakang mga aquifer. Ang groundwater mula sa mga balon ng supply na ito ay dini-disinfect sa Ord Community chlorination treatment plant.

Noong 2005, ang sistema ng tubig ng Central Marina at

Ord Community ay kinonekta para pahintulutan ang tubig na dumaloy sa pagitan ng mga sistema para matugunan ang mga peak na demand at mapabuti ang kabuuang serbisyo.



Pagtatasa ng Pinagkunang Tubig

Nakumpleto na ang ilang pagtatasa ng pinagkunang tubig. Isinasaalang-alang ng pagtatasa ng mapagkukunan ng tubig ang ilang mga kadahilanan: ang pagkakaroon ng posibleng kontaminadong aktibidad (PCA) tulad ng kasalukuyan o makasaysayang mga aktibidad ng tao na mga potensyal na pinagmulan ng kontaminasyon para sa isang mapagkukunan ng inuming tubig, ang kalapitan nito sa pinagmulan, ang panganib na nauugnay sa PCA, at ang konstruksyon at setting ng pinagmulan. Ang mga salik na ito ay iraranggo sa pinagmulang tinuring na pinakamahina sa mga PCA sa tuktok ng pagraranggo.

Noong Hulyo 2001, kinumpleto ng California Department of Public Health (CDPH) ang pagtatasa ng bawat balon ng supply ng groundwater sa Central Marina na nagsabi na ang mga balon ay pinakamahina sa makasaysayang tambakan ng basura, mga aktibidad ng landfill, at militar na instalasyon.

Noong Pebrero 2002, kumumpleto ng pagtatasa sa bawat balon ng supply ng groundwater sa Ord Community. Pinakita


ng pagtatasa kung alin sa mga balon ang pinakamahina sa kilalang volatile organic na contaminant plumes mula sa saradong landfill sa dating Fort Ord; kasama sa ilang mga plume ang saltwater intrusion, sistema sa sewer collection, above-ground na mga storage tank, mga irrigated na tanim, mga transportation corridor, mga lugar ng pagkumpuni ng makinarya ng bukid, at mga septic system. Noong Nobyembre 2012, ang nakumpletong pagtatasa ng pagmumulan para sa Balong Watkins Gate at nagdetermina na ang balon ay pinakamahina sa mga Military Installation. Noong Pebrero 2014, ang nakumpletong pagtatasa para sa Balon 34 ay nagdetermina na ang balon ay pinakamahina sa mga Military installation (dating Fort Ord), agrikulturang drainage, saltwater intrusion, at mga sistema sa sewer collection.

Ang buong detalye ng mga pagtatasa ay maaaring makita sa mga sumusunod na lokasyon: MCWD, 11 Reservation Road, Marina, CA, o sa SWRCB DDW, 1 Lower Ragsdale Drive, Building 1, Suite 120, Monterey, CA.

Báo cáo này chứa thông tin rất quan trọng về nước uống của bạn. Vui lòng truy cập trang web của chúng tôi cho một phiên bản dịch của báo cáo này, hoặc liên hệ với chúng tôi tại (831) 384-6131 để hỗ trợ thêm.
www.mcwd.org

이 보고서에는 식수에 대한 매우 중요한 정보가 포함되어 있습니다. 이 보고서의 번역된 버전은 당사 웹사이트를 방문하거나 (831) 384-6131로 연락하여 추가 지원을 받으십시오.
www.mcwd.org

Kasalukuyan at Pang-hinaharap na Lugar ng Serbisyo



11 Reservation Road
Marina, CA 93933-2099
Telepono: (831) 384-6131
Fax: (831) 883-5995
www.mcwd.org
ccr@mcwd.org

Pahayag sa Misyon: Nagbibigay kami sa aming mga kostumer ng mataas na kalidad na tubig, koleksyon ng basurang tubig at mga serbisyo sa konserbasyon sa makatuwirang halaga, sa pamamagitan ng pagpapalano, pamamahala at pagbuo ng mga mapagkukunan ng tubig sa isang paraan na sensitibo sa kapaligiran.

Ang mga pulong ng lupon ay bukas sa publiko at karaniwang isinasagawa sa ikatlong Lunes ng bawat buwan sa City of Marina Council Chambers, 211 Hillcrest Avenue ng 6:30 pm. Ang mga agenda ay pinapaskil sa mga sumusunod na lugar ng hindi bababa sa 72 oras bago ang bawat pulong: Marina Coast Water District, Marina at Seaside City Hall, Marina at Seaside Library at ang Marina Post Office.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Visite nuestro sitio web para obtener una versión traducida de este informe, o póngase en contacto con nosotros al (831) 384-6131 para obtener más ayuda. www.mcwd.org

Ang ulat na ito ay naglalaman ng napakahalagang impormasyon tungkol sa iyong inuming tubig. Mangyaring bisitahin ang aming website para sa isang isinalin na bersyon ng ulat na ito, o makipag-ugnay sa amin sa (831) 384-6131 para sa karagdagang tulong. www.mcwd.org

Kalidad ng Tubig

Masigasig na sinusubaybayan ng Distrito ang kalidad ng inuming tubig at muli, ipinagmamalaki na iulat na ang iyong tubig mula sa gripo ay nakakatugon sa mga pamantayan sa inuming tubig sa California at Pederal.

Patakarang ng Estado sa Kabuuang Coliform at Paratakarang Pederal sa Groundwater

Sinasalamin ng Consumer Confidence Report (CCR) na ito ang mga pagbabago sa mga pangregulasyong inaatas sa inuming tubig noong 2016. Lahat ng mga sistema ng tubig ay inaatasang sumunod sa Patakarang ng Estado sa Kabuuang Coliform. Mula noong Abril 1, 2016, lahat ng mga sistema ng tubig ay inatasan ding sumunod sa pederal na Binagong Patakarang sa Kabuuang Coliform. Minementina ng bagong patakarang pederal ang layuning protektahan ang pampublikong kalusugan sa pagsisiguro ng integridad ng sistema ng distribusyon ng inuming tubig at pagsubaybay sa pagkakaroon ng microbials (iyon ay, kabuuang coliform at *E. coli* bacteria). Inaasahan ng U.S. EPA ang mas malawak na proteksyon sa kalusugan ng publiko dahil ang bagong patakarang ay nangangailangan ng mga sistema ng tubig na mahina laban sa kontaminasyong microbial para makilala at ayusin ang mga problema. Ang mga sistema ng tubig na lumampas sa isang tinukoy na dalas ng kabuuang mga pagganap ng coliform ay kinakailangan upang magsagawa ng isang pagtatasa para matukoy kung mayroon bang mga depekto sa kalinisan. Kung may makita, dapat itama ang mga ito ng sistema ng tubig.

Trichloroethylene (TCE)

Ang TCE ay dating karaniwang solvent na ginamit ng US Army sa dating Fort Ord. Noong 2019, natukoy ang TCE (mas mababa sa MCL, o pamantayang lebel) sa mga balon ng supply ng Distrito na 29 at 31. Sa interkoneksiyon ng dalawang sistema ng tubig, ang inuming tubig ay maaaring i-supply sa alinman sa Central Marina o sa Ord Community na sistema ng distribusyon depende sa pangangailangan sa tubig. Patuloy ding sinusubaybayan ng Distrito ang ang TCE sa supply ng tubig nito.

Ang Army ay nagpapatakbo ng isang network ng mga mababaw na balon na nagsusubaybay sa groundwater para subaybayan ang progreso ng patuloy na paglilinis ng plume na kontaminasyon ng TCE mula sa ngayong sarado nang landfill at fire drill area; Ang mga balon ng pagsubaybay sa groundwater ay hindi nagbibigay ng inuming tubig sa mga kostumer ng Distrito. Natukoy din ang TCE sa maraming balon ng pagsubaybay sa groundwater ng Army.

Nitrate

Ang Nitrate sa inuming tubig sa mga antas na higit sa 10 mg/L ay peligroso sa kalusugan ng mga sanggol na mas bata sa anim na buwan ang edad. Ang nasabing antas ng nitrate sa inuming tubig ay maaaring makagambala sa kapasidad ng dugo ng sanggol na magdala ng oxygen, na nagreresulta sa isang malubhang sakit; kasama sa mga sintomas ang kakapusan sa paghinga at pagiging asul ng balat. Ang mga antas ng nitrate na mas mataas sa 10 mg/L ay maaari ring makaapekto sa kakayahan ng dugo na magdala ng oxygen sa ibang mga indibidwal, tulad ng mga buntis na kababaihan, at mga may tiyak na mga kakulangan sa enzyme. Kung nag-aalaga ka ng sanggol, o kung buntis ka, dapat kang humingi ng payo mula sa iyong tagapagbigay ng pag-aalaga sa kalusugan. Ang mga antas ng nitrate ay maaaring

mabilis na tumaas sa maiikling panahon ng oras dahil sa pag-ulan o agrikulturang aktibidad.

Arsenic

Bagaman natutugunan ng inyong inuming tubig ang pamantayan ng pederal at estado para sa arsenic, may laman itong mababang antas ng arsenic. Binabalanse ng arsenic standard ang kasalukuyang pag-unawa sa mga posibleng epekto sa kalusugan ng arsenic laban sa gastos sa pagtanggap ng arsenic mula sa inuming tubig. Patuloy na sinasaliksik ng U.S. Environmental Protection Agency ang mga epekto sa kalusugan ng mabababang antas ng arsenic, na isang mineral na kilalang nagdudulot ng kanser sa mga tao sa mataas na konsentrasyon at nauugnay sa mga ibang pangkalusugang epekto tulad ng pinsala sa balat at problema sa sirkulasyon.

Lead

Kung mayroon, ang mga mataas na antas ay maaaring magdulot ng malalang problema sa kalusugan, lalo na sa mga buntis na kababaihan at mga batang bata. Ang lead sa inuming tubig ay pangunahing mula sa materyales at mga component na kaugnay ng mga linya ng serbisyo at plumbing sa bahay. Ang Marina Coast Water District ay may pananagutan sa pagbibigay ng mataas na kalidad ng inuming tubig ngunit hindi makokontrol ang iba't ibang mga materyales na ginagamit sa mga bahagi ng plumbing. Kapag ang iyong tubig ay nakatengga sa mga tubo nang maraming oras, maaari mong mabawasan ang potensyal para sa pagkakatantad sa lead sa pamamagitan ng pag-flush ng iyong gripo sa loob ng 30 segundo hanggang 2 minuto bago gumamit ng tubig para sa pag-inom o pagluluto. Kung nag-aalala ka tungkol sa lead sa tubig mo, maaaring naisin mong ipasuri ang iyong tubig. Ang impormasyon sa lead sa inuming tubig, mga pamamaraan

sa pagsusuri, at mga hakbang na magagawa mo para mapababa ang pagkakatantad ay makukuha mula sa Safe Drinking Water Hotline o sa <http://www.epa.gov/lead>.

Isang Abiso sa Radon

Ang radon ay isang radioactive gas na hindi mo makikita, malalalahanan o maaamoy. Nahahanap ito sa buong U.S. Ang radon ay maaaring umakyat sa lupa at papasok sa bahay sa pamamagitan ng mga biyak at butas sa pundasyon. Ang radon ay maaaring mabuo sa matataas na antas sa lahat ng klase ng mga bahay. Ang radon ay maaari ring pumasok sa hangin sa loob kapag nailabas mula sa tubig sa gripo mula sa pag-shower, paghugas ng pinggan, at ibang mga pambahay na aktibidad. Kumpara sa pagpasok ng radon sa bahay sa pamamagitan ng lupa, ang radon na pumapasok sa bahay sa pamamagitan ng tubig sa gripo ay sa karamihan ng mga kaso ay isang maliit na mapagkukunan ng radon sa panloob na hangin. Ang radon ay kilalang human carcinogen. Ang paghinga ng hanging naglalaman ng radon ay maaaring magdulot ng kanser sa baga. Ang pag-inom ng tubig na naglalaman ng radon ay maaari din magdulot ng dagdag na peligro ng kanser sa tiyan. Kung nag-aalala ka tungkol sa radon sa bahay niyo, suriin ang hangin sa bahay niyo. Ang pagsusuri ay mura at madali. Dapat mong isulong ang pagtanggap ng radon sa bahay niyo kung ang antas ng radon sa hangin niyo ay 4 picocuries kada litro ng hangin (pCi/L) o mas mataas. May mga simpleng paraan para ayusin ang problema sa radon na hindi masyadong mahal. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang programang radon ng inyong Estado (1-800-745-7236), ang U.S. EPA Safe Drinking Water Hotline (1-800-426-4791), o ang National Safety Council Radon Hotline (1 800-767-7236).

Ano ang Mga Pinagmumulan ng Mga Contaminant?

Kasama sa mga pinagkukunan ng inuming tubig (mula sa gripo at nakaboteng tubig) ay mga ilog, lawa, stream, pond, reservoir, spring, at mga balon. Habang naglalakbay ang tubig sa ibabaw ng lupa o sa ilalim ng lupa, natatanggal nito ang natural-na nagaganap na mga mineral at, sa ilang mga kaso, radioactive na materyal, at maaaring kumuha ng mga sangkap na nagreresulta mula sa pagkakaroon ng mga hayop o aktibidad ng tao. Kasama sa mga contaminant na maaaring nasa pinagmulang tubig ay ang:

- **Mga Microbial Contaminant**, tulad ng mga virus at bakterya, na maaaring mula sa mga sewage treatment plant, mga septic system, pagpapatakbo ng mga agrikulturang livestock, at wildlife.
- **Mga Inorganic na Contaminant**, tulad ng mga asin at metak, na maaaring natural na nagaganap o resulta ng daloy ng tubig mula sa ulan sa urbanidad, industriyal o domestikong basurang tubig na discharge, produksiyon ng langis at gas, pagmimina o pagbubukid.
- **Mga Pesticidyo at Mga Herbicide**, na maaaring magmula sa iba't ibang pagkukunan tulad ng agrikultura, daloy ng tubig mula sa ulan sa urbanidad, at mga residensiyal na paggamit.
- **Organikong Kemikal na Mga Contaminant**, kasama ang sintetiko at volatile na organikong mga kemikal, na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksiyon ng petrolyo, at maaaring manggaling din sa mga gasolinahan, daloy ng tubig mula sa ulan sa urbanidad, agrikulturang aplikasyon at mga septic na sistema.
- **Mga Radioactive na Contaminant**, na maaaring natural na nagaganap o resulta ng mga aktibidad ng produksiyon ng langis at gas at pagmimina.

Upang masiguro na ligtas inumin ang tubig mula sa gripo, nagtatalaga ang U.S. Environmental Protection Agency (USEPA) at ang State Water Resources Control Board (State Board) ng mga regulasyon na naglilimita sa dami ng ilang contaminant sa tubig na nilaan ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtataguyod din ang mga regulasyon ng State Board ng mga limitasyon para sa mga contaminant sa nakaboteng tubig na nagbibigay ng parehong proteksiyon para sa pampublikong kalusugan.

Isang tala sa Immuno-compromised: Ang ilang mga tao ay maaaring mas mahina sa mga contaminant sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang mga taong immuno-compromised tulad ng mga taong may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa mga organ transplant, mga taong may HIV/AIDS o ibang sakit sa immune system, ang ilang matanda at mga sanggol ay maaaring nasa partikular na peligro sa mga impeksiyon. Ang mga taong ito ay dapat humingi ng tulong tungkol sa inuming tubig mula sa kanilang mga tagapagbigay ng pag-aalaga sa kalusugan. Ang mga patnubay ng USEPA/Centers for Disease Control (CDC) sa mga angkop na pamamaraan para mabawasan ang impeksiyon ng *Cryptosporidium* at ibang mga microbial na contaminant ay makukuha mula sa Safe Drinking Water Hotline (1-800-426-4791).



Ang kawani ng Serbisyo para sa Kostumer ng Distrito ay maaaring tumulong sa iyo Lunes hanggang Biyernes, 8 AM hanggang 5:30 PM.

Pang-edukasyong Impormasyon at Espesyal na Pangkalusugang Impormasyon

Ang inuming tubig, kasama ang nakaboteng tubig, ay maaaring makatwirang asahang maglaman ng mga kakaunting dami man lang ng ilang contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi kailangang tumukoy na ang tubig ay may dalang peligro sa kalusugan. Marami pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at potensiyal na epekto sa kalusugan ay makukuha sa pagtawag sa Safe Drinking Water Hotline ng USEPA (1-800-426-4791).

Ibang Pagkukunan ng Impormasyon sa Tubig CA State Water Resources Control Board Division of Drinking Water Programs:

waterboards.ca.gov/drinking_water/programs

USEPA Division of Ground Water and Drinking Water:
water.epa.gov/drink

Centers for Disease Control: cdc.gov

Fort Ord Cleanup Project: fortordcleanup.com



Ininspeksiyon at sinusubaybayan ng Operator ang flow meter sa isa sa mga reservoir ng Distrito

Paano Basahin ang Mga Talahanayan ng Kalidad ng Tubig

Nililista ng mga sumusunod na talahanayan ang mga resulta ng mga natukoy na contaminant sa sistema ng distribusyon ng Distrito at mga balon ng supply ng groundwater. Bagaman ang karamihan ng pagsubaybay ay nakumpleto hanggang sa Disyembre 2019, pinahihintulutan ng mga regulasyon ang Distrito na subaybayan ang ilang kemikal nang mas madalang sa minsan bawat taon dahil ang mga lebel ay hindi madalas nagbabago. Ang mga resulta ng pagsusuri ay hinati sa mga sumusunod na seksiyon: *Pangunahing Mga Pamantayan*

ng Inuming Tubig, Segundaryong Mga Pamantayan ng Inuming Tubig, Mga Ibang Constituent, at Mga Hindi Regulated na Mga Contaminant. Para makatulong na mas mabuting maunawaan ang ulat, gamitin ang Mga Depinisyon ng Terminong binigay sa ibaba.

Para basahin ang talahanayan, magsimula sa hanay na may pamagat na *Detected Contaminant(s)* at basahin pahalang sa hiler. *Units* pinahihiwatig ang halagang nasukat. *MCL* ipinapakita ang pinakamataas na dami ng pinapayagang contaminant. *PHG/MCLG*

ay ang layuning halaga para sa contaminant na iyon (maaaring mas mababa ito sa pinahihintulutan). *Year Tested* ay karaniwang nasa 2019 o para sa ilang contaminant, ang pinakamakailang taon ng sampling. *Annual Average* ay ang average na halagang sinukat o natukoy. *Range* sinasabi ang pinakamababa at pinakamataas na mga halagang nasukat. A *No Violation* ay tinutukoy na ang mga inaatas sa regulasyon ay natugunan. *Major Sources in Drinking Water* sinasabi kung saan karaniwang nagmumula ang contaminant.

Kalidad ng Tubig ng Sistema ng Distribusyon

PANGUNAHING MGA PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG — Microbiology

Natukoy na Contaminant	Units	MCL	(MCLG)	Taong Nasuri	Kabuuang Sample na Nakolekta at Buwang Positibo	Paglabag	Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig
Kabuuang Coliform Bacteria	Mga Positibong Sample	5.0% Buwanang Sample		2019	539 Sample 1 Positibo (1.9%) sa Anril 2 Positibo (4.3%) sa Mayo	Hindi	Natural na nasa kapaligiran.

PANGUNAHING MGA PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG — Mga Byproduct ng Pag-disinfect at Natira sa Pag-disinfect

Mga Natukoy na Contaminant	Units	MCL [MRDL]	PHG (MCLG) [MRDLG]	Taong Nasuri	Taunang Average	Saklaw Mababa - Mataas	Paglabag	Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig
Total Trihalomethanes (TTHM)	ppb	80	n/a	2019	8	3.0 - 9.2	Hindi	Byproduct ng pag-disinfect ng inuming tubig
Chlorine Residual [bilang Cl ₂]	ppm	[4.0]	[4]	2019	1.02	0.18 - 2.00	Hindi	Nagdagdag ng disinfectant sa inuming tubig para sa paggamot.

MGA PAMANTAYAN SA PANGUNAHING INUMING TUBIG — Mga Sample ng Lead & Copper na Panloob na Gripo

Natukoy na Contaminant	Units	Lebel ng Pagkilos	PHG	Taong Nasuri	* 90th Percentile na Lebel	Dami ng Mga Site na Mas Mataas sa Lebel ng Pagkilos	Paglabag	Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig
Copper	ppm	1.3	0.3	2019	0.29	0 ng 35	Hindi	Panloob na pagkabulok ng mgs sistema ng plumbing ng bahay.
Lead	ppb	15	0.2	2019	ND (<5)	0 ng 35	Hindi	Panloob na pagkabulok ng mgs sistema ng plumbing ng bahay.

MGA PAMANTAYAN SA PANGUNAHING INUMING TUBIG — Lead Sa Pagsusuri sa Mga Paaralan (Ang lahat ng labing-isang Monterey Peninsula Unified School District na paaralan sa MCWD na lugar ng serbisyo na humihiling ng pagsusuri ay nasuri — hanggang limang sample ang nakolekta sa bawat paaralan.)

Natukoy na Contaminant	Units	Lebel ng Pagkilos	PHG	Taong Nasuri	* 90th Percentile na Lebel	Dami ng Mga Site na Mas Mataas sa Lebel ng Pagkilos	Paglabag	Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig
Lead	ppb	15	0.2	2017	4	0 ng 40	Hindi	Panloob na pagkabulok ng mgs sistema ng plumbing ng bahay.

*** 90th Percentile:** Para sa pagsunod, ang sample na resulta sa ika-90 porsiyentong lebel ay dapat mas mababa sa Lebel ng Aksiyon.

Mga Kahulugan ng Mga Terminong Ginamit

Maximum Contaminant Level (MCL): Ang pinakamataas na lebel na pinapayagan ang contaminant sa inuming tubig. Ang Mga Primary MCL ay ilalagay ng kasing lapit sa mga PHG (o mga MCLG) hangga't maaari sa ekonomiko at teknolohikal. Ang mga Segundaryong MCL ay nakatakda para protektahan ang amoy, lasa at itsura ng inuming tubig.

Maximum Contaminant Level Goal (MCLG): Ang lebel ng contaminant ng inuming tubig na mas mababa kung saan mayroong hindi alam o inaasahang peligro sa kalusugan. Ang mga MCLG at itinakda ng U.S. Environmental Protection Agency.

Public Health Goal (PHG): Ang lebel ng contaminant ng inuming tubig na mas mababa kung saan mayroong hindi alam o inaasahang peligro sa kalusugan. Ang mga PHG ay itinakda ng California Environmental Protection Agency.

Primary Drinking Water Standards (PDWS): Ang mga MCL at MRDL ay para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan kasama ng kanilang inaatas sa pagsubaybay at pag-ulat, at mga inaatas sa paggamot ng tubig.

Maximum Residual Disinfectant Level (MRDL): Ang pinakamataas na lebel ng disinfectant na pinapayagan sa inuming tubig. May nakakakumbinsing katibayan na ang pagdagdag ng disinfectant ay kailangan para makontrol ang mga microbial contaminant.

Maximum Residual Disinfectant Level Goal (MRDLG): Ang lebel ng disinfectant ng inuming tubig na mas mababa kung saan mayroong hindi alam o inaasahang peligro sa kalusugan. Hindi sinasalamang ng mga MRDLG ang mga benepisyo ng paggamit ng mga disinfectant para kontrolin ang mga microbial contaminant.

Regulatory Action Level (AL): Ang konsentrasyon ng contaminant na, kung nilagpasan, ay nagsisimula ng paggamot o ibang inaatas na dapat sundan ng supplier ng tubig.

UCMR: Patakaran sa Pagsubaybay ng Hindi Regulated na Mga Kemikal na tumutulong sa EPA at CDPH na malaman kung saan ang ilang contaminant ay nagaganap ay kailangang iregula.

MRL: Limitasyon sa Pag-ulat ng Pamamaraan o ibabang limitasyon ng pagbilang

n/a: Hindi Angkop

ND: Hindi Natukoy

Lebel ng Abiso: Tinaguyod ng DDW ang batay sa kalusugang lebel ng pagpapayo para sa mga kemikal sa inuming tubig na kulang sa maximum na lebel ng contaminant

NTU: Nephelometric Turbidity Units

pCi/L: Picocuries per liter

ppm: Bahagi kada milyon o miligramo kada litro

ppb: Bahagi kada bilyon o micrograms kada litro

ppt: Bahagi kada trilyon o nanograms kada litro

TON: Threshold Odor Number

Units	Pagkakatumbas
mg/L – milligrams per liter	ppm – parts per million 1 segundo sa 11.5 araw
µg/L – micrograms per liter	ppb – parts per billion 1 segundo sa halos 32 taon
ng/L – nanograms per liter	ppt – parts per trillion 1 segundo sa halos 32,000 taon
pg/L – picograms per liter	ppq – parts per quadrillion 1 segundo sa halos 32,000,000 taon

Kalidad ng Tubig ng Mga Groundwater Supply na Balon

Mga Natukoy na Contaminant	Units	MCL	PHG (MCLG)	Taong Nasuri	Taunang Average	Saklaw Mababa - Mataas	Paglabag	Mga Pangunahing Pagkukunan sa Inuming Tubig
PANGUNAHING MGA PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG								
Arsenic	ppb	10	0.004	2019	2.6	ND - 7.5	Hindi	Erosion ng mga natural na deposito.
Fluoride (Natural)	ppm	2.0	1	2019	0.17	ND - 0.26	Hindi	Erosion ng mga natural na deposito.
Gross Alpha particle activity	pCi/L	15	(Zero)	2019 / 2016 / 2014 / 2013 ^(d)	1.2	ND - 7.1	Hindi	Erosion ng mga natural na deposito.
Nitrate (bilang N)	ppm	10	10	2019	2.0	ND - 5.5	Hindi	Erosion ng mga natural na deposito.
Trichloroethylene [TCE]	ppb	5	1.7	2019	0.3	ND - 1.6	Hindi	Lumalabas mula sa mga metal degreasing site.
Uranium	pCi/L	20	0.43	2013 / 2019 ^(c)	1.7	ND - 4.8	Hindi	Erosion ng mga natural na deposito.
SEGUNDARYONG MGA PAMANTAYAN SA INUMING TUBIG								
Chloride	ppm	500	n/a	2019	101	54 - 200	Hindi	Paglimas mula sa mga natural na deposito; impluwensiya ng tubig dagat.
Threshold sa Amoy	TON	3	n/a	2019	0.6	ND - 2.0	Hindi	Natural na-nagaganap na mga organikong materyales.
pH Units	Units	6.5 - 8.5	n/a	2019	7.8	7.5 - 8.2	Hindi	Natural na-nagaganap na mga mineral.
Partikular na Conductance	µS/cm	1600	n/a	2019	680	490 - 1100	Hindi	Mga sangkap na bumubuo ng ions kapag nasa tubig; impluwensiya ng tubig dagat.
Sulfate	ppm	500	n/a	2019	46	36 - 55	Hindi	Kumukuha mula sa mga natural na deposito.
Kabuuang Nalusaw na Solido	ppm	1000	n/a	2019	390	290 - 570	Hindi	Kumukuha mula sa mga natural na deposito.
Turbidity	NTU	5	n/a	2019	0.15	0.11 - 0.24	Hindi	Run-off ng lupa.
MGA IBANG CONSTITUENT — Walang Mga Pamantayan sa Inuming Tubig								
Alkalinity	ppm	n/a	n/a	2019	115	93 - 180	n/a	Natural na-nagaganap na mga mineral.
Bicarbonate Alkalinity	ppm	n/a	n/a	2019	141	110 - 220	n/a	Natural na-nagaganap na mga mineral.
Calcium	ppm	n/a	n/a	2019	45	24 - 60	n/a	Natural na-nagaganap na mineral.
Magnesium	ppm	n/a	n/a	2019	14	2.1 - 24	n/a	Natural na-nagaganap na mineral.
Potassium	ppm	n/a	n/a	2019	3.0	2.0 - 4.1	n/a	Natural na-nagaganap na mineral.
Sodium	ppm	n/a	n/a	2019	68	38 - 130	n/a	Natural na-nagaganap na mineral.
Hardness ^(a)	ppm	n/a	n/a	2019	169	85 - 240	n/a	Natural na-nagaganap na mga mineral.
Radon 222	pCi/L	n/a	n/a	2000 ^(b)	1081.5	755 - 1408	n/a	Natural na nagaganap na gas.
HINDI NIREREGULANG MGA CONTAMINANT — Walang Mga Pamantayan sa Inuming Tubig								
Boron	ppb	1000 (AL)	n/a	2019	45.7	ND - 120	n/a	Erosion ng mga natural na deposito.
Vanadium	ppb	50 (AL)	n/a	2019	6.6	ND - 15	n/a	Erosion ng mga natural na deposito.
Perfluorohexanoic acid (PFHxA)	ppt	n/a	n/a	2019-2020 ^(e)	0.8	ND - 5.2	n/a	Breakdown na produkto ng mga coating ng pagkain na stain- at greaser-proof.

Mga Footnote:

(a) Unit Conversion ng Hardness ng Tubig: Kabuuang Hardness (Taunang Average) = 9.9 grains/galon (para sa 169 ppm). Kabuuang Hardness (Saklaw) = 5.0 - 14 grains/galon.

(b) Ang Balon 10 at 11 ay nasuri noong 2000.

(c) Ang Balon 10, 11, at ang Watkins Gate ay na-sample noong 2013; Ang Balon 31 at 34 ay na-sample noong 2019.

(d) Watkins Gate na Balon ay sinample noong 2013; Ang Balon 10 at 11 ay sinample noong 2014; Ang Balon 29 at 30 ay sinample noong 2016; Ang Balon 31 at 34 ay sinample noong 2019.

(e) Taong Nasuri — ang apat na magkakasunod na quarter ng pagsusuri ay nagsimula sa ikalawang Quarter ng 2019, ayon sa inatas, at natapos sa unang Quarter ng 2020 ayon sa inatas.

Hindi Nireregulang Kemikal: Ang pagsubaybay sa hindi nireregulang contaminant ay nakakatulong sa U.S. EPA at sa State Water Resources Control Board na madetermina kung saan ang ilang mga contaminant ay nagaganap at kung kailangang maregula ng mga contaminant. Nagsagawa ang Distrito ng Per-and-Poly-Fluoroalkyl Substances (PFAS) sampling noong 2019 at ang mga mababang lebel ng Perfluorohexanoic Acid (PFHxA) ay natukoy sa loob ng Balon 29. Patuloy na malapitang sinusubaybayan ng Distrito ang mga lebel na ito sa loob ng Balon 29.